

Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal

Pinagsamang Ebidensya ng Pagsaklaw and Form ng Pagtatatwa

ERRATA B

Hulyo 1, 2022

Seksyon 3 - Paano makakatanggap ng pangangalaga Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad

Matatanggap mo lang ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga kung ikaw ay 12 taong gulang o mas matanda:

- Pang-outpatient na pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip para sa (mga menor de edad na 12 taong gulang o mas matanda):
 - Sekswal na pangahalay (walang limitasyon sa mas batang edad)
 - Insesto
 - Pisikal na pag-atake
 - Pang-aabuso ng bata
 - Kapag naiisipan mong saktan ang iyong sarili o ibang tao (mga menor de edad na 12 taong gulang o mas matanda)
- Pag-iwas/pagpapa-test/paggamot sa HIV/AIDS
- Pag-iwas/pagpapa-test/paggamot sa mga impeksyong nakukuha sa pakikipagtalik
- Mga serbisyo sa paggamot ng sakit sa paggamit ng droga (mga menor de edad na 12 taong gulang o mas matanda). Para sa higit pang impormasyon tingnan ang “Mga serbisyo sa paggamot ng sakit sa paggamit ng droga” sa handbook na ito.

Kung mas bata ka pa sa 18 taong gulang, maaari kang pumunta sa isang doktor nang walang pahintulot mula sa mga magulang o tagapag-alaga mo para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagbubuntis
- Pagpapalano ng pamilya/pagkontrol ng pagbubuntis
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag

Para sa pagpapa-test ng pagbubuntis, mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya, pagkontrol ng pagbubuntis, o mga serbisyo sa mga impeksyong nakukuha sa pakikipagtalik, hindi kailangang maging bahagi ng network ng SFHP ang doktor o klinika. Maaari kang pumili ng anumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Posibleng hindi



masaklawan ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network at hindi nauugnay sa sensitibong pangangalaga. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa pagpunta sa mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), maaari kang tumawag sa **1(800) 288-5555** (TTY **1(888) 883-7347** o sa **711**).

Ang mga menor de edad ay maaaring pribadong makipag-usap sa isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na Linya ng Tulong ng Nars ng SFHP sa **1(877) 977-3397**. O maaari kang tumawag sa Teladoc® para sa konsultasyon sa isang doktor sa pamamagitan ng pagtawag o pag-video call sa **1(800) 835-2362** o sa pamamagitan ng pagbisita sa **sfhp.org/teladoc**.

Seksyon 4 - Mga benepisyo at serbisyo

Ang nasasaklawan ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang iyong mga saklaw na serbisyo bilang miyembro ng SFHP. Libre ang iyong mga saklaw na serbisyo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito at ibinibigay ito ng provider na nasa network. Dapat mo kaming hingan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay wala sa network, maliban sa mga sensitibong serbisyo, emergency at ilang agarang serbisyo sa pangangalaga. Maaaring saklawin ng iyong planong pangkalusugan ang mga medikal na kinakailangang serbisyo mula sa isang provider na wala sa network. Pero dapat mong hingan ang SFHP ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para dito. Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, ilayo ka sa pagkakaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o binabawasan nito ang matinding pananakit mula sa isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong mas bata sa edad na 21, kasama sa mga serbisyong Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para ayusin o matulungang paginhawain ang isang sakit o kondisyong pisikal o sa pag-iisip. Para sa higit pang detalye tungkol sa iyong mga saklaw na serbisyo, tumawag sa **1(800) 288-5555** (TTY **1(888) 883-7347** o sa **711**).

Ang mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang ay makakatanggap ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo. Basahin ang Kabanata 5: Well-care ng bata at kabataan para sa higit pang impormasyon.

Ang ilan sa mga pangunahing benepisyo sa kalusugan na inaalok ng SFHP ay nakalista sa ibaba. Posibleng mangailangan ng paunang pag-apruba ang mga benepisyong may star (*).

- Acupuncture*
- Acute (panandaliang paggamot) na mga pangkalusugang therapy at serbisyo sa bahay
- Imyunisasyon (mga bakuna) para sa mga nasa hustong gulang
- Pagsusuri at mga iniksyon para sa allergy
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa hika
- Audiology*
- Mga paggamot sa kalusugan sa pag-uugali*
- Rehabilitasyon ng puso
- Mga serbisyong chiropractic*
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip



- Mga serbisyong dental — limitado (isinagawa ng isang medikal na propesyunal/PCP sa isang medikal na tanggapan)
- Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis
- Matibay na kagamitang medikal (Durable medical equipment, DME)*
- Mga pagbisita sa emergency room
- Enteral at parenteral na nutrisyon*
- Mga pagbisita sa tanggapan at pagpapayo para sa pagpapalano ng pamilya (maaari kang pumunta sa isang di-kalahok na provider)
- Mga habilitative na serbisyo at device*
- Mga hearing aid
- Pangangalaga ng kalusugan sa bahay*
- Pangangalaga sa hospisyo*
- Pang-inpatient na pangangalagang medikal at pang-operasyon*
- Lab at radiology*
- Mga pangmatagalang pangkalusugang therapy at serbisyo sa bahay*
- Pangangalaga sa pagbubuntis at bagong panganak
- Pag-transplant ng pangunahing organ*
- Occupational therapy*
- Orthotics/prostheses*
- Ostomy at mga urological na supply
- Mga pang-outpatient na serbisyo ng ospital
- Mga pang-outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Pang-outpatient na operasyon*
- Palliative na pangangalaga*
- Mga PCP na pagbisita
- Mga pediatric na serbisyo
- Physical therapy*
- Mga serbisyo sa podiatry*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing
- Mga serbisyo at device sa rehabilitasyon*
- Mga serbisyo ng dalubhasang nars*
- Mga pagbisita sa espesyalista
- Therapy sa pagsasalita*
- Mga pang-operasyong serbisyo
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo sa transgender*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng kababaihan

Ang mga kahulugan at paglalarawan ng mga saklaw na serbisyo ay matatagpuan sa Kabanata 8, “Mahahalagang numero at salitang dapat malaman.”

Mga benepisyo sa Medi-Cal na sinasaklaw ng SFHP

Mga pang-outpatient (ambulatory) na serbisyo

Mga pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip

Sinasaklaw ng SFHP ang isang taunang maikling pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip para sa mga miyembro na nasa edad na 65 o mas matanda, at na hindi kwalipikado para sa isang katulad na pagtatasa bilang bahagi ng taunang pagbisita para sa kalusugan sa ilalim ng Programang Medicare. Ang isang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip ay nagsusuri para sa mga senyales ng Alzheimer’s disease o dementia.